



Bridging Access to Affordable Housing Assistance
and Innovations

Call for Interest

Ito ay maaring ipadala sa:
Email: info@tao-pilipinas.org

O

Address: 27-A Matiyaga Street, Barangay Central, Diliman, Quezon City
441-0998 / 436-7301

Huling araw ng pag sumite ng aplikasyon: 12 Setyembre 2015

Kalakhang Maynila, ang *National Capital Region* ay tahanan para sa 12,949,395 katao (mula sa 11,855,975 katao na datos ng NSO noong ika-1 ng Mayo taong 2010) at ang may pinaka malaking populasyon na rehiyon sa bansang Pilipinas; at ang ika-pitong punong lungsod sa buong Asya na may malaking populasyon. (https://en.wikipedia.org/wiki/Metro_Manila). Kasama ng mabilis na pag-angat ng bilang ng mamamayang nakatira sa mga pook na rural na lumilipat sa lungsod at hindi mapigilang pagtaas ng bilang ng populasyon ay ang pag-angat rin ng bilang ng nawawalan ng tahanan, mga nakatira sa lansangan, at iyong mga impormal na naninirahan sa mga pribadong lupain. Bukod dito, ang kalakhang Maynila ay tinuturing na tahanan rin para sa 550,000 na *Informal Settler Families* (ISFs) kung saan 104,000 katao ay naninirahan sa mapapanganib na lugar.

Mula sa mga nabanggit na detalye, malinaw na makikita ang matinding pangangailangan ng ating bansa sa larangan ng matino at sustenableng pabahay na tumutukoy sa tama at matalinong pag iisa ng pang-sosyal, pang-ekonomiko, at pang-kapaligirang konsiderasyon upang makamit ang isang natatanging solusyon. Ang daan upang mapagtagumapayan ang suliraning ito ay dati nang isinusulong subalit ito'y nangangailangan ng teknikal na kaalaman at kasanayan. Mayroon itong apat na elemento: ang organisasyon o ang pangkat ng tao na nangangailangan ng bahay; ang lupain kung saan sila maaring magtayo ng kanilang sariling komunidad; ang plano ng mga bahay para sa komunidad; at ang pera upang makapagpatayo ng bahay. Ang apat na elementong ito ay nangangailangan ng tiyaga, tamang kaalaman, oras, at puhunan.

Ano ang Project BAHAI o Bridging Access to Affordable Housing Assistance and Innovations?

Ito ay isang proyekto upang matulungan ang mga komunidad na nangangailangan ng gabay sa proyektong naglalayon sa pagkamit ng lupa at pagtatayo ng ligtas at maayos na paninirahan.

Layunin ng proyekto:

Sa katapusan ng proyekto, ang mga napiling komunidad ay mapayapang nakatira na sa mga nararapat, sustenable, at sariling tahanan. Higit pa rito, ang mga napiling komunidad ay magkakamit ng:

1. Napagtibay na kakayahan sa pakikilahok sa mga proseso ng negosasyon ukol sa pagkakaroon ng *security of tenure* at pagtatayo ng mapayapa at sustenableng pabahay
2. Napadaling pagtanggap ng tulong pangteknikal na may malasakit para sa mahihirap na komunidad
3. Napabuting pangkabuhayan o kita at sapat na suporta para sa pang araw-araw na pangangailangan

Sino ang maaring mag-aplay ng tulong sa BAHAI Project?

Ang inyong samahan ay nararapat na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian:

1. Organisadong samahan (mga komunidad na kasalukuyang sinusuportahan ng ibang NGO ay maaaring ring magsumite ng kanilang aplikasyon)
2. Mga rehistrado o kasalukuyang nagpaparehistrong samahan bilang isang HOA sa HLURB o COOP sa CDA
3. Samahan na naninirahan sa kalakhang Maynila
4. Mayroong responsable at aktibong miyembro sa kanilang samahan

Ang mga interesadong komunidad ay kailangan na magpasa ng Expression of Interest (EOI) kasama ng sumusunod na mga papeles:

1. Call for Interest Form na may kumpletong sagot
2. Kopya ng HOA registration mula sa HLURB o COOP registration mula sa CDA (o katapat na mga dokumentong nagpapatunay na naglalayong magparehistro ang PO)
3. Listahan ng mga opisyales at miyembro ng samahan
4. Struktura ng inyong organisasyon

A. Impormasyon tungkol sa samahan			
Buong pangalan ng samahan		Siyudad	
Tirahan/Address		Website	
Email		Fax	
Telepono		Kalagayan ng pagrehistro sa HLURB (HOA) o CDA (COOP) Registration Number: _____	<input type="checkbox"/> Registered (<i>Naka rehistro na</i>) <input type="checkbox"/> On-process (<i>Nasa proseso ng pagrehistro</i>) <input type="checkbox"/> Not yet registered (<i>Di pa naka rehistro</i>)
B. Primary contact person		C. Secondary contact person	
<input type="checkbox"/> Binibini <input type="checkbox"/> Ginang <input type="checkbox"/> Ginoo		<input type="checkbox"/> Binibini <input type="checkbox"/> Ginang <input type="checkbox"/> Ginoo	
Buong pangalan		Buong pangalan	
Posisyon sa samahan		Posisyon sa samahan	
Telepono		Telepono	
Email		Email	
Lagda		Lagda	
D. Karagdagang impormasyon			
1. Ilan ang bilang ng mga miyembro at opisyal ng samahan?			
2. Paano nabuo ang samahan?			
3. Gaano na katagal ang samahan? Kailan ito naitatag?			
4. Ano ang mga layunin ng inyong samahan?			
5. Ano ang nais makamit ng mga miyembro ng samahan?			

<p>6. Mayroon bang ugnayan ang samahan sa ibang NGO o sa lokal na pamahalaan sa kanilang lugar? Ilista ang pangalan ng mga organisasyon. Anu-ano ang mga proyektong pinagsamahan?</p>	
<p>7. Anu-ano ang mga isyu o pangangailangan na nais ninyong magkaroon ng katugunan?</p>	<ul style="list-style-type: none"> ❑ Pagtukoy ng lupang pagtitirikan ng bahay (Land Research and negotiation). <i>Gabay sa paghahanap at pagtukoy sa mga lupang maaring pagtayaran ng mga kabahayanna naayon sa paggamit at pinansyal na kakayahan ng samahan</i> ❑ Site analysis and hazard assessment. <i>Pagsuri ng lupang natukoy kung ito ay angkop na pagtayaran ng istuktura. Pagsuri din ng mga risgo at panganib na maaring mayroon sa lugar na natukoy</i> ❑ Participatory workshop: subdivision/HDH site planning and design. <i>Isa sa mga paraan upang mabuo ang people's plan ng isang komunidad. Ang mga plano ay binubuo sa pamamagitan ng paglahok ng iba't ibang sector sa isang komunidad sa pagpili at pagdedesisyon. Ito ay isinasagawa upang masimulan ang mga teknikal na mga plano na kailangan sa pag-aalay ng CMP o pakikipag-usap sa iba't ibang ahensya</i> ❑ Community savings. <i>Ito ay mahalagang bahagi sa pag-usad ng isang proyektong pangkomunidad. Pagbibigay ng gabay at panuntunan sa pag-iimpok bilang samahan.</i> ❑ Community-based DRRM plan. <i>Ang plano ng paghahanda para sa mga darating na panganib sa isang komunidad</i> ❑ Site examination and tests. <i>Mga pagsusuring dinadaan bago ang pagtatayo o pagpapalano ng isang istruktura</i> ❑ Mga teknikal na plano o gawain mula sa iba't ibang disiplina sa pagpapatayo ng pabahay ng samahan: <ul style="list-style-type: none"> ❑ Land survey ❑ Site development plan ❑ Architectural plan ❑ Structural plan ❑ Electrical plan ❑ Sanitary plan ❑ Bill of materials and cost estimates ❑ Mga paraan ng pagbuo ng pamantayan sa pangangalaga sa istruktura at komunidad: <ul style="list-style-type: none"> ❑ Setup of Estate Management System ❑ Formulation of community guidelines
<p>8. May mga proyekto o aksyon na bang nagawa upang matugunan ang mga isyu o pangangailangan na inilad sa itaas? Anu-ano ang mga ito?</p>	
<p>9. Sa eskala ng 1-10 (10 ang pinakamataas), gaano na kalaki ang pagsulong ng mga nasabing proyekto o aksyon?</p>	